タガログ語版
Tagalog

Para sa internasyonal na pamilya

# Bago pumasok sa elementarya ng Japan

(Pamumuhay)




Guhit：Kengo Morita

Mag-isip tayo ng kinabukasan ng anak

## Pumasok tayo sa elementarya!

～Ang edukasyon na ito ay unang step sa karera ng anak patungo sa magandang kinabukasan～

- Makilala ang sarili kung saan siya marunong at mahina
- Unawain na dapat gampanan ang sariling pananagutan
- Kumilos sa itinatakdang oras
- Unawain kung bakit kailangan ang mga rule at sundin ito


Ang mga ito ay makatutulong sa kaniya na magtrabaho sa Japan nang mahusay. Kung siya ay mananatili sa tahanan lang, mahirap ito makasanayan. Ngayon ang oportunidad na siya ay sanayin, at marami siyang matutunan mula sa ibang wika at kultura!

***Pumasok tayo sa elementarya!***

# Ano ang pinagkaiba ng Elementarya at Kinder/Nursery?

## Pagpasok・Pag-uuwi


Sa grupo



Sa kaniyang sarili

**Elementarya**

Sa bus



Hatid-sundo ng magulang

**Kinder/Nursery**

Para ligtas sila sa pagpasok, may itinakdang daanan mula sa bahay papunta sa school, Tinatawag ito na "tsuugakuro".

## Gawain sa paaralan

・Pag-aaral ng subject
・Aktibidad ng toka
ayon sa itinakdang iskedyul



**Elementarya**




**Kinder/Nursery**

Contactbook(Renraku-cho): araw-araw isinusulat ang dapat dalhin sa susunod na araw at assignment. Pakibasa ito araw-araw.

## Paalaala mula sa guro

Ang guro ay magsasabi sa bata, tapos ito ay ipaalam ng bata sa magulang.




**Elementarya**



**Kinder/Nursery**



**Papasukin ang anak araw-araw!**

Hangga't maari, hindi dapat mag-absent ang anak kung wala siyang sakit. Habang umaabsent siya, mahihirapan siyang humabol sa klase. Makakaapekto ito sa relasyon sa kaklase at sa kaniyang kasipagan sa pag-aaral. Kahit kailangan ninyo ang tulong niya sa pamilya, isaayos ang buhay ng bata para masaya siyang pumasok araw-araw!

# Bago pumasok, sana marunong na siya…

## Kaya ba ito gawin ng anak ko？Mag-check tayo✓！

**Kung may hindi pa kayang gawin, sana po ay sanayin siya bago pumasok!**

- ☐ **Maagang matulog at gumising sa parehong oras araw-araw.**
  Ang sapat na pagtulog ay makakaapekto sa pagnanais ng bata na matuto, ugaliing matulog bago 9pm.



- ☐ **Magsuot at maghubad ng sariling damit.**
- ☐ **Makakain sa loob ng 20 minuto na gamitin ang chopstick.**




- ☐ **Kayang sabihin ang sariling pangalan**
- ☐ **Sumagot ng “Hai” kapag tinawag ang pangalan niya**
- ☐ **Kayang sabihin sa iba kapag may problema**
  - ☐ Gustong mag-toilet
  - ☐ Masakit ang tiyan
  - ☐ Masamang pakirandam



- ☐ **Sumunod sa regurasyon sa trapiko**
  - ☐ Sumunod sa trapik light
  - ☐ Tingin muna ang kaliwa’t kanan tapos tumawid ng tawiran



- ☐ **Kayang sabihin ang “Salamat po(Arigato)”, ”Pasensya po(Gomennasai)”.**
- ☐ **Pag-iwas sa mapanganib na gawin.**







### ～Sa magulang～

- Tignan po ang paraan ng pagtawag sa school sa *Nihongo* kapag ang anak ay aabsent, male-late sa klase o kailangan maagang umuwi.
- Para sa future ng anak, mag-plano kayo ng mabuti kung mananatili kayo sa Japan o uuwi sa Pilipinas. Kung mananatili kayo dito, pag-isipan ang kurso kung papasok siya sa senior high school o papasok sa trabaho.

**Paraan ng pagtawag sa school**

# ～Ang Kaibahan ng elementary school sa Japan～

## Pinagalitan ang anak ko dahil lang sa nagdala ng snacks!



Ipinagbabawal ang pagdadala ng merienda o' snack sa school, dahil may regulasyon sila na "hindi dapat magdala ng bagay na hindi kailangan sa pag-aaral." Kung siya ay mabilis magutom, pakainin siya ng marami ng almusal at tanghalian sa school.



## Pinilit siya na maglinis sa school !

Sa school sa Japan, ang mga bata ay naglilinis sa school. Sa pamamagitan nito natutunan nila na "pahalagahan at alagaan ang mga kagamitan" at "dapat gamitin ang school sa maayos na paraan".

## Sobrang dami ng homework araw-araw!



Mula sa simula, talagang mahalaga ang magkaroon ang bata ng rutina sa pag-aaral hindi lamang sa school kundi pati rin sa bahay.

Kung ang magulang ay nagbibigay-pansin at nakakatabi lang sa anak, siya ay napapatibay na maging masikap sa pag-aaral.

## Importante ! Makipagkomunikasyon sa anak !

Kapag pumasok na ang anak sa elementarya, kausapin po siya tungkol sa school. Ang pakikipag-usap sa kaniya ay maraming kapaki-pakinabang na

**①maunawaan ninyo ang kalagayan ng anak sa school**

**②maging mahusay ang kaniyang kakayahang magsalita sa sariling wika**

**③madali ninyong malaman kung saan siya nahihirapan.**

Kung palaging bukas ang daan ng komunikasyon madali siyang makahingi ng payo sa iyo pag may problema siya.

Gawin nating madali para sa kanila na makipag-usap anuman ang nangyari masaya man o malungkod.

**Tungkol sa wika na ginagamit sa bahay**

愛知教育大学外国人児童生徒支援リソースルーム

〒448-8542 愛知県刈谷市井ヶ谷町広沢１ Tel:0566-26-2219 Fax: 0566-26-2566

e-mail: gendaigp@auecc.aichi-edu.ac.jp HP: http://www.resource-room.aichi-edu.ac.jp